**Mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagsulat: Pantulong sa Pagwawasto ng Epekto ng SMS/Text Messaging sa Pagsulat sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Ika-7 Baitang ng De La Salle Lipa**

**ni: Gng. Lailanie M. Gutierrez**


**Abstrak**

Ang pag-aaral na isinagawa ay nauukol sa pagtukoy ng masamang epekto sa pagsulat ng mga mag-aaral na may kaugnayan sa ortograpiya at istraktura ng wika dahil sa madalas na paggamit ng SMS o text messaging. Gayundin, ito ay nauukol sa pangangalap at paglikha ng mga estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat bilang pantulong sa pagwawasto ng mga kamalian ng mga mag-aaral sa ortograpiya at istraktura sa Filipino sanhi ng paggamit ng cell phone. Ito ay nauukol din sa pagtataya sa mga guro ng kabuuang pag-aaral upang maipakita ang kaangkupan at kahalagahan nito sa kasalukuyang panahon.

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng descriptive-experimental na pamamaraan kung saan naghanda ng survey questionnaire na pinasagutan sa 19 mag-aaral sa ika-7 baitang upang matukoy ang mga epekto ng SMS o text messaging sa pagsulat. Ang mga kalahok dito ay random na pinili. Upang mataya ang kaangkupan at kahalagahan ng pananaliksik na ito, pinasagutan naman sa limang guro sa Filipino na nagtutro sa ika-7 at ika-8 baitang ang survey questionnaire hinggil dito.

Ang resulta ng survey questionnaire sa mga mag-aaral at guro ay inilahad sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang mga sagot at pagpapakita ng percentage o bahagdan sa anyo ng talangguhit. Ito ay isinagawa upang maipakita kinalabasan ng pag-aaral na ito.

Nilapatan ng mananaliksik ng kaisipan sa paggamit ng SMS o text messaging ang mga konsepto nina Rivers at Badayos. Sa paglalahad ng mga estratehiya at paglikha ng ilang mga pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat, ginamit naman ang mga teknik ni Badayos (1999).

Mula sa pag-aaral, napatunayan ng mananaliksik na ang madalas na pagtetext gamit ang SMS ay isang salik na nakakapagdulot ng kamalian sa ortograpiya at istraktura sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Dahil dito, ang mga nilikha at kinalap na mga istratehiya ay magsisilbing karagdagang paraang magagamit sa pagtuturo ng pagsulat sa Filipino upang mabigyang-solusyon ang nasabing sulranin.